

*Pagbabalita***Nagsagawa ang 2015 Budget ng Pinakamalaking Pamumuhunan sa Imprastruktura sa Buong Kasaysayan ng Ontario**

Binubuo ng pamahalaan ang Ontario, pinapalago ang ekonomiya nito at lumilikha ng mga trabaho

Abril 23, 2015

Inilahad ngayon ng Ministro ng Pananalapi (Minister of Finance) na si Charles Sousa ang *2015 Budget*, kung saan nagsagawa ng walang kapantay na pamumuhunan sa imprastruktura na susuporta sa paglago ng ekonomiya at mga bagong trabaho.

Ang Budget ay alinsunod sa garantiya ng pamahalaan na tumuklas ng mga makabagong pamamaraan upang mapalago ang ekonomiya habang pinapanatili ang mahahalagang serbisyong pampubliko na inaasahan ng mga pamilya at komunidad. Kabilang dito ang paggamit ng husto sa mga asset ng lalawigan upang masuportahan ang pinakamalaking pamumuhunang pang-imprastruktura sa kasaysayan ng Ontario.

Pinasimulan din ng lalawigan ang pagpapahintulot sa pagbebenta ng serbesa sa mga tindahan para sa karagdagang kaginhawahan at opsyon ng mga mamimili habang pinapanatili ang malakas na garantiya ng Ontario sa panlipunang responsibilidad nito.

Kinakalkula ng Ontario na magkakaroon ng deficit na \$8.5 bilyon sa taong 2015-16, higit na mababa sa forecast noong *2014 Budget*, at pinakamababa magmula ng pandaigdigang resesyon. Patuloy na pinag-iisipang mabuti ng Lalawigan ang mga hakbang upang mabalanse ang mga ito, \$4.8 bilyon na deficit forecast sa 2016-17, at ganap na pagsasa-balanse nito sa 2017-18. Ang plano ng pamahalaan na may apat na bahagi ay paunlarin ang Ontario sa pamamagitan ng pamumuhunan sa talento at kakayahan ng mga mamamayan, pagtatayo ng mga pampublikong imprastruktura gaya ng kalsada at transit, pagtatatag ng isang masigla at makabagong kapaligirang kaaya-aya sa negosyo, at pagbuo ng isang matibay na planong pag-iimpok sa pagre-retiro.

Pagbubuo sa Imprastruktura ng Ontario

Ang gagawing pagbabago at pagpapalawak ng pampublikong imprastruktura ay susuporta sa industriya ng Ontario, lilikha ng trabaho at magpo-posisyon sa Ontario upang makipagkumpitensya sa pandaigdigang ekonomiya habang tumutugon sa pangangailangan sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at kalsada at transit sa hinaharap. Kapag ang Ontario ay namuhunan, ito ay nagbubuo — at kapag ito ay nagbubuo, ito ay lumalago. Ipinagpapatuloy at pinapalawak ng *2015 Budget* ang plano ng Ontario na magsagawa ng di mapapantayang pamumuhunan na mahigit \$130 bilyon sa pampublikong imprastruktura sa loob ng 10 taon. Kasama dito ang:

- Pagdaragdag ng \$2.6 bilyon sa pondong nakalaan para sa Sulong Ontario (Moving Ontario Forward) para sa kabuuang halagang \$31.5 bilyon sa loob ng 10 taon — humigit-kumulang \$16 bilyon sa mga proyektong pang-transit sa Nakalalaking Bahagi ng Toronto at Hamilton (Greater Toronto and Hamilton Area [GTHA]) at humigit-kumulang \$15 bilyon para sa transportasyon at iba pang pangunahing proyektong pang-imprastruktura sa labas ng GTHA. Ang karagdagang ito ay bunga na rin ng mataas na target ng lalawigan na magamit ng husto ang mga asset nito (asset optimization plan).
- Planong pamumuhunan ng \$11.9 bilyon sa 2015-16 sa imprastruktura para sa mga kalsada, tulay, pampublikong transit, sistema sa patubig, ospital at paaralan.

Ipagpapatuloy ng pamahalaan ang planong pagre-reinvest ng mga asset nito sa pamamagitan ng Trillium Trust patungo sa pampublikong transit, transportasyon at iba pang pangunahing proyektong pang-imprastruktura na

magpapatibay sa ekonomiya ng Ontario at maghihikayat lumikha ng trabaho. Ang pagdaragdag ng pondong nakalaan para sa Sulong Ontario (Moving Ontario Forward) ay magpapadali sa pag-usad ng mga pangunahing proyekto at magbubunga ng mga bagong proyekto. Kabilang sa planong magamit ng husto ang mga asset (asset optimization plan) ay:

- Ang pagpapalawak ng pagmamay-ari ng Hydro One upang lumikha ng mas tumatagal na benepisyong pampubliko at kasalukuyang proteksyon para sa mga ratepayer.
- Pagsusuri sa mga ibinebentang asset na nasa pangunahing lokasyon (prime location).

Pakikisosyo sa Negosyo upang Makalikha ng Trabaho

Patuloy ang Ontario sa paglikha ng mga trabahong kapaki-pakinabang, na may mataas na pasahod. Ang employment ay malakas na nakabangon mula sa mababang antas nito noong Hunyo 2009, kung saan mahigit sa kalahating milyong trabaho ang nalikha — 75 porsiyento nito ay sa mga industriyang nagpapasahod ng mas mataas sa pangkaraniwan. Nabawi na ng higit pa ng lalawigan ang mga trabaho nitong nawala mula noong pangdaigdigang resesyon pang-ekonomiya. Ang mga trabahong ito na may mataas na uri ay nagbibigay ng oportunidad para sa personal na pag-unlad habang lumilikha ito ng pinansiyal na katatagan at pagsisiguro ng kasaganaan para sa mga Ontarian.

Ang *2015 Budget* ay patuloy sa pagpapalago ng ekonomiya sa pamamagitan ng:

- Pagdaragdag ng halaga para sa 10-taong \$2.5 bilyon na Pondo para sa Trabaho at Kasaganaan (Jobs and Prosperity Fund) upang makipagsosyo sa mga negosyo, mapataas ang produktibo, makadagdag sa pagbabago, mapalago ang pag-export at makalikha ng trabaho. Inihayag din ng *2015 Budget* na ang pondo ay madadagdagang ng \$200 milyon simula sa 2015–16, magiging \$2.7 bilyon ito sa loob ng 10 taon at ie-extend ang eligibility nito sa forestry sector.
- Pagpapatuloy ng suporta sa presyo ng kuryente, hanggang makalampas ang Marso 2016, sa mga karapat-dapat na malalaking industriya sa norte, na patuloy sa pagpapanatili ng trabaho at pagiging kumpetitibo sa buong mundo.
- Ang pagharap sa pagbabago ng klima (climate change) sa madaling panahon upang makatiyak ng isang masaganang ekonomiyang hinaharap at yumayabong na lipunan. Isusulong ng Ontario ang sistemang limitation and exchange bilang mekanismo nito sa carbon pricing. Ang malilikom mula sa programang limitation and exchange ay mapupunta sa mga pangunahing prayoridad na makakatulong mabawasan ang pagbubuga ng greenhouse gas.

Pagbubuo ng isang Workforce na may Mataas na Kasanayan

Ang kalakasan ng Ontario ay nanggagaling sa kanyang mamamayan. Sa pamumuhunan sa mga tao ngayon at pagsuporta sa mga Ontarian upang makakuha ng tamang kasanayan at trabaho, ang pamahalaan ay nagtatatag ng isang matibay na ekonomiya sa hinaharap. Kabilang sa panukala ng Budget ang:

- Pagpapatuloy na mapabuti ang edukasyon at pagsasanay, mula preschool at full-day kindergarten hanggang postsecondary at trade apprenticeship program, kabilang na ang makabagong experiential learning pilot program.
- Pamumuhunan ng karagdagang \$250 milyon sa loob ng dalawang taon sa Istratehiyang Pangtrabaho para sa Kabataan ng Ontario (Ontario Youth Jobs Strategy), para sa kabuuang puhunan ng programang pangtrabaho ng kabataan na \$565 milyon.
- Pagsasamoderno ng Programa para sa Pagtulong sa Mag-aaral ng Ontario (Ontario Student Assistance Program) upang mapalakas ang tulong pinansyal sa mga mag-aaral.

Responsableng Pamamahala

Ang pamahalaan ay may subok na track record sa maganda nitong pamamahala sa pananalapi. Mula 2010-11, ang Lalawigan ay may average na taunang paglago sa paggasta sa programa na 1.5 porsiyento, mababa sa rate ng inflation, nang walang ginawang pagbabawas sa mahahalagang serbisyo.

Ang 2015 Budget ay nagsagawa pa ng ibayong pagbubuti ng fiscal balance sa pamamagitan ng:

- Patuloy na Pagsusuri, Pagbabago at Pagta-transform ng Programa (Program Review, Renewal and Transformation [PRRT]), isang makabagong pamamaraan sa pagpapalano at pagbabadyet na sumasakop sa maraming taon. Kinikilala nito ang maikli at pangmatagalang oportunidad upang baguhin ang mga programa at serbisyo, at nagsasagawa ng piming pagpapasya upang itigil ang mga programang hindi kapakipakinabang, hindi akma sa pangunahing prayoridad o hindi na nagsisilbi sa interes ng publiko. Para sa taong 2014-15, nakamit ang \$250 milyon na program review savings target sa pamamagitan ng mga inisyatibong kumilala sa mga mas mahusay, mas mababang halaga o mas matipid na gastusing pang-administratibo na hindi makakaapekto sa mga pangunahing serbisyo. Ang program review savings target ay \$500 milyon kada taon para sa 2015–16, 2016–17 at 2017–18.
- Ang pamamahala ng paglago ng gastusin ng programa sa loob ng medium term na panahon, na tinataya sa average na 0.9 porsiyento sa pagitan ng 2013–14 at 2017–18.
 - Ang kabuuang gastusin ng sektor pangkalusugan ay tinataya na lalago ng average na 1.9 porsiyento kada taon, ang sektor ng edukasyon ay 2.0 porsiyento, ang sektor ng mga bata at serbisyong panlipunan ay 2.9 porsiyento at ang sektor pangkatarungan ay 1.5 porsiyento.
 - Ang postsecondary at sektor ng pagsasanay ay wala halos pagbabago at ang ibang gastusin sa programa ay tinataya na bababa ng average na 5.5 porsiyento kada taon.
- Patuloy na pakikipag-ayos ng kasunduan sa Serbisyo Publiko ng Ontario (Ontario Public Service) at sa mas malawak na sektor publiko na nasa fiscal framework ng Ontario, hindi kabilang ang karagdagang pondo para sa pagtataas ng pasahod. Anumang pagtaas ng pasahod ay kinakailangang mabawi sa ibang paraan na ayon sa kasalukuyang pondo ng mga employer upang magkaroon ng net zero agreement.
 - Mula noong Hulyo 2012, ang average na taunang pagtaas ng pasahod na napagkasunduan sa panlalawigang sektor publiko ng Ontario ay 0.6 porsiyento. Ito ay mababa sa munisipal na sektor publiko (1.9 porsiyento), federal na sektor publiko sa Ontario (1.7 porsiyento) at pribadong sektor ng Ontario (2.0 porsiyento).
- Puksain ang underground na negosyo, na tinataya sa \$15 bilyon bilang taunang gawain sa Ontario, upang magkaroon ng pantay na oportunidad. Nakakamit ito ng Lalawigan sa pamamagitan ng mahusay na koleksyon ng impormasyon at analytics, dagdag na hakbang upang matugunan ang kontrabando sa tabako, at mabawasan ang pag-iwas sa buwis ng mga korporasyon. Ipananukala din ng Lalawigan na gawing ilegal ang paggamit, paggawa o pamamahagi ng mga teknolohiyang may kinalaman sa electronic sale suppression.

ANO ANG MGA SINASABI NG IBA

“Ang 2015 Budget ng Ontario ay hindi lamang ulat sa pananalapi ng lalawigan. Tungkol din ito sa pagprotektar, pangangalaga at pag-aangat sa antas ng pamumuhay ng mga tao sa buong lalawigan. Ang Ontario ay nakaposisyon upang pangunahan ang Canada sa makabagong ekonomiya sa pamamagitan ng makasaysayang pamumuhunan sa imprastraktura at pampublikong transit na hindi lamang magpapatatag ng mabilis sa mga kalakal at maghahatid ng ligtas sa mga tao mula trabaho hanggang bahay, bukod dito ang Ontario ay magiging mas kumpetitibo at mas produktibong lalawigan.

Binabalangkas ng budget na ito ang aming plano na mamuhunan sa kakayahan at kasanayan ng mga mamamayan, sumuporta sa isang masigla at kumpetitibong klimang pang-negosyo, isulong ang secure na pagreretiro at pamahalaan ang gastusin ng programa. Ang Ontario ay nasa tamang landas upang mabalanse ang budget sa 2017–18 at gagawin namin ito sa pamamaraang nakasisiya at responsible.”

— Charles Sousa, Ministro ng Pananalapi (Minister of Finance)

MGA BUOD

Maraming forecaster sa pribadong sektor ang naniniwala na ang ekonomiya ng Ontario ay isa sa mga lalawigang magkakaran ng malaking paglago sa bawat taon sa susunod na dalawang taon.

- Nagbigay ang pamahalaan ng mahigit \$1.3 bilyon sa grant at loan sa mga mag-aaral noong 2013–14, na nakatulong sa mahigit 380,000 mag-aaral.
- Nakatulong ang network ng Employment Ontario sa mahigit-kumulang na isang milyong Ontarian noong 2013–14, kabilang na ang mahigit 150,000 na employer sa Ontario.
- Noong Hunyo 1, 2014, ang minimum na sahod kada oras ay itinaas sa \$11. Tataas pa itong muli sa \$11.25 sa Oktubre 2015.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

[Basahin ang 2015 Ontario Budget](#)

[Basahin ang Budget speech](#)

[Basahin ang highlights ng 2015 Ontario Budget](#)

Basahin ang background information ng 2015 Ontario Budget

- [Pagbubuo sa Imprastruktura ng Ontario](#)
- [Pakikisosyo sa Negosyo upang Makalikha ng Trabaho](#)
- [Pagbubuo ng isang Workforce na may Mataas na Kasanayan](#)
- [Pamumuhunan sa isang Makatarungang Lipunan para sa Lahat ng Ontarian](#)
- [Pambansang Liderato – Matatag na Ontario, Matatag na Canada](#)
- [Pagpapatibay ng Kasiguruhan sa Pagreretiro para sa Lahat ng Ontarian](#)
- [Paggamit ng Husto sa mga Asset para sa Pagbuo ng Ontario](#)

[Basahin ang Rekomendasyon ng Konseho ng Premier sa Asset ng Pamahalaan](#)

PARA SA KATANUNGAN NG MEDIA LAMANG:

Kelsey Ingram, Tanggapan ng Ministro (Minister's Office), 416-326-1409
Scott Blodgett, Ministri ng Pananalapi (Ministry of Finance), 416-325-0324

Ontario.ca/budget
Disponible en français

PARA SA KATANUNGAN NG PUBLIKO, TUMAWAG SA:

1-800-337-7222
TTY: 1-800-263-7776